# Pagtuturo ng mga Katotohanan mula sa Doktrina at mga Tipan 130

## Paghahanda ng lesson:

Hakbang 1: Pumili ng isa sa mga paksa sa pag-aaral sa ibaba at pag-aralan ang resources na ibinigay. Bigyang-pansin ang mga pahiwatig, ideya, at impresyon mula sa Espiritu Santo tungkol sa binabasa mo. Maaari ka ring maghanap ng iba pang resources upang mapalalim ang iyong pang-unawa sa iyong piniling paksa.

Hakbang 2: Gumawa ng lima hanggang pitong minutong lesson outline para sa pinili mong paksa. Maaari mong gamitin ang ilan sa mga sumusunod na tanong upang matulungan kang maghanda:

- Paano maaaring makaapekto at dapat na makaapekto ang mga katotohanang ito sa ating kaugnayan sa Ama sa Langit at kay Jesucristo?
- Paano ko magagamit ang mga banal na kasulatan at salita ng mga propeta upang tulungan ang iba na mas maunawaan ang paksang ito?
- Ano ang magagawa ko upang matulungan ang iba na makibahagi sa lesson at maging mga aktibong kalahok?
- Anong mga karanasan ang maibabahagi ko o ano ang mapatototohanan ko?
- Ano ang magagawa ko upang matulungan ang iba na maipamuhay ang paksang ito?

## Mga paksang pag-aaralan at resources:

### OPSIYON 1: ANG KAALAMAN AT KATALINUHAN AY KASAMA NATING BABANGON SA PAGKABUHAY NA MAG-ULI.

#### Resources na pag-aaralan:

Doktrina at mga Tipan 130:18–19; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 88:118; 93:36

Itinuro ni Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) ng Korum ng Labindalawang Apostol:




> Kung pag-iisipan natin kung ano ang kasama nating babangon sa pagkabuhay na mag-uli, tila malinaw na ang ating katalinuhan ay babangon kasama natin, ibig sabihin ay hindi lamang ang ating IQ, kundi pati ang kakayahan nating tumanggap at magpamuhay ng katotohanan. Ang ating mga talento, katangian at kasanayan ay kasama nating babangon; walang alinlangang pati na ang ating kakayahang matuto, taglay na disiplina sa sarili, at kakayahang magtrabaho. (Neal A. Maxwell, *We Will Prove Them Herewith* [1982], 12)

### OPSIYON 2: NAGTATAMO TAYO NG MGA PAGPAPALA MULA SA DIYOS SA PAMAMAGITAN NG PAGSUNOD SA KANYANG MGA BATAS.

#### Resources na pag-aaralan:

Dotrina at mga Tipan 130:20–21; tingnan din sa Juan 7:17; Doktrina at mga Tipan 82:10

Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson:



> Kung talagang gusto ninyo ang isang pagpapala, dapat ninyong alamin kung ano ang mga batas na sumasaklaw sa pagpapalang iyon at pagkatapos ay magsikap na maging masunurin sa mga batas na iyon. (Russell M. Nelson, "The Mission and Ministry of the Savior: A Discussion with Elder Russell M. Nelson," *Ensign*, Hunyo 2005, 19)

**OPSIYON 3: ANG AMA SA LANGIT AT SI JESUCRISTO AY MAY KATAWANG MAY LAMAN AT MGA BUTO. ANG ESPIRITU SANTO AY ISANG PERSONAHENG ESPIRITU.**

## Resources na pag-aaralan:

Doktrina at mga Tipan 130:22–23; tingnan din sa Mateo 3:13–17; Mga Gawa 7:55–56

Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol:



Naniniwala tayo na ang tatlong banal na personang ito na bumubuo sa isang Panguluhang Diyos ay nagkakaisa sa layunin, sa pag-uugali, sa patotoo, sa misyon. Naniniwala tayo na Sila ay kapwa puspos ng makadiyos na habag at pagmamahal, katarungan at awa, pagtitiyaga, pagpapatawad, at pagtubos. Sa palagay ko tumpak na sabihing naniniwala tayo na Sila ay isa sa bawat mahalaga at walang hanggang aspeto *maliban* sa paniniwala na Sila ay tatlong persona sa iisang katawan. . . . Ipinapahayag namin na makikita sa mga banal na kasulatan na ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo ay magkakahiwalay na persona, tatlong banal na nilalang. (Jeffrey R. Holland, "The Only True God and Jesus Christ Whom He Hath Sent," *Liahona*, Nob. 2007, 40–41)

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2025 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_451-1